

Paano pinagpapasiyahan ang mga Kulay sa Dashboard?

Ang bagong sistema ng pananagutan at patuloy na pagpapahusay ng California ay tinatawag na California School Dashboard. Ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paano natutugunan ng mga distrito at paaralan ang mga pangangailangan ng magkakaibang populasyon ng estudyante ng California batay sa maikli pero malamang set ng mga panukat.

Ang Dashboard ay nagpapakita ng pagganap ng mga distrito, paaralan, at mga grupo ng estudyante sa isang set ng pang-estado at lokal na mga panukat na tumutulong sa pagtukoy sa mga lakas, kahinaan at mga lugar na nangangailangan ng pagpapahusay.

Paano nagpapakita ng pagganap ang Dashboard?

Dalawang kalkulasyon ang isinagawa para sa bawat isa ng mga tagabatid ng estado.

Katayuan

Ang kasalukuyan o pinakabagong mga datos sa tagabatid ng estado

Pagbabago

Ang pagkakaiba sa pagitan ng mga datos sa kasalukuyan at naunang taon

Ang Katayuan at Pagbabago ay kinakalkula para sa bawat tagabatid ng estado at nagsasalikop sa isang 5x5 grid. Ang kaayusan ng grid ay mag-iiba para sa bawat tagabatid.

Sa 5x5 grid, ang Katayuan ay ipinapakita sa kaliwang hanay, at ang Pagbabago ay ipinapakita sa pang-itaas na hanay.

Ang antas ng pagganap, o kulay, ay ipinapasiya ng punto kung saan ang mga antas ng Katayuan at Pagbabago ay nagsasalikop.

MGA ANTAS NG PAGGANAP



Pula • Dalandan • Dilaw • Berde • Asul

Pinakamababang Pagganap Pinakamataas na Pagganap

| Antas | Bumaba nang Malaki (Pagbabago) | Bumaba (Pagbabago) | Pinananatili (Pagbabago) | Tumaas (Pagbabago) | Tumaas nang Malaki (Pagbabago) |
|-----------------------|--------------------------------|--------------------|--------------------------|--------------------|--------------------------------|
| Napakataas (Katayuan) | Dilaw | Berde | Asul | Asul | Asul |
| Mataas (Katayuan) | Dalandan | Dilaw | Berde | Berde | Asul |
| Katamtaman (Katayuan) | Dalandan | Dalandan | Dilaw | Berde | Berde |
| Mababa (Katayuan) | Pula | Dalandan | Dalandan | Dilaw | Dilaw |
| Napakababa (Katayuan) | Pula | Pula | Pula | Dalandan | Dilaw |

Sa halimbawang ipinapakita, ang distrito ay may isang Katayuan na “mataas” at isang Pagbabago na “pinananatili,” na tumutugon para sa isang kabuuang antas ng pagganap na berde.